City of Seattle

Enero 2014

# Magsisimula ang Pambansang Paghahanap para sa Bagong Hepe ng Seattle Police Department sa Lokal na Opinyon

Nagsasagawa ang Lungsod ng Seattle ng pambansang paghahanap upang makahanap ng sanay, iginagalang at maaasahang pinuno para sa Seattle Police Department (SPD). Mahalaga ang pakikilahok ng komunidad sa pagpili ng pinunong may kakayahang pamahalaan ang mga reporma sa pulisya at palakasin ang moral ng pulis. Sa Enero at hanggang sa kalagitnaan ng Pebrero 2014, hihikayatin ng Tanggapan ng Mayor ng Lungsod ng Seattle ang mga tao ng Seattle na sumali sa isang pag-uusap tungkol sa mga katangiang gusto nilang makita sa bagong Hepe ng Pulisya (Police Chief) ng Seattle.

Nagtalaga ang Mayor ng 32 miyembro sa isang Komite ng Patnubay ng Komunidad (Community Advisory Committee) upang magbigay ng mga pananaw at patnubay ng komunidad sa proseso ng paghahanap. Bilang karagdagan sa pagtatalaga ng isang Komite ng Patnubay ng Komunidad (Community Advisory Committee o CAC), magdaraos ang Mayor ng ilang forum sa komunidad sa ating lungsod at gagawa ng nakalaang website upang makakuha ng opinyon mula sa iba't ibang komunidad ng Seattle. Makakatulong ang opinyon mula sa mga miyembro at opisyal ng komunidad na makahanap ng Hepe ng Pulisya na pinakamainam para sa mga residente ng Seattle at SPD.



"Kakailanganin ng ating Hepe ng Pulisya na bumuo ng mga bagong samahan sa pagitan ng ating kapulisan at ating mga tao upang magtulungang gumawa ng ligtas at maayos na kapaligiran sa Seattle."
*— Mayor Ed Murray*

## MAHAHALAGANG PETSA

| | |
|---|---|
| **Enero 8, 2014** | Idedeklara ang mga miyembro ng Komite ng Patnubay ng Komunidad at ilulunsad ang pambansang paghahanap para sa mga kandidato |
| **Kalagitnaan ng Enero hanggang kalagitnaan ng Pebrero 2014** | Magsasagawa ng pakikipag-ugnayan at mangangalap ng mga komento |
| **Kalagitnaan ng Enero** | Mapipili ang kumpanya sa paghahanap |
| **Kalagitnaan hanggang huling bahagi ng Pebrero 2014** | Isasapinal ang mga pamantayan sa pagtatasa na ginawa para sa komite sa paghahanap |
| **Huling bahagi ng Pebrero hanggang Kalagitnaan ng Marso 2014** | Kakapanayamin at pipiliin ng Komite sa Paghahanap ang mga finalist na pagpapasyahan ng Mayor |
| **Maagang bahagi ng Abril 2014** | Pipiliin at idedeklara ng Mayor ang bagong Hepe ng Pulisya |
| **Maagang bahagi ng Abril 2014** | Isasaalang-alang/kikilos ayon sa napili ng Mayor ang konseho |

## Pagsasama sa komunidad

Iniimbitahan ng Tanggapan ng Mayor ang komunidad na magkomento tungkol sa mga gustong katangian para sa bagong Hepe ng Pulisya. Maraming paraan upang lumahok:

- Bisitahin ang website ng Lungsod ng Seattle upang matuto nang higit pa sa www.seattle.gov/spdchiefsearch
- Mag-sign up para sa ating email listserv sa ating website
- Talakayin ang iyong mga pananaw online sa ating online na munisipyo http://spdchiefsearch.com/
- Dumalo sa isang workshop sa komunidad:
  - **Martes, En. 28, 6-8 p.m.**
    University Heights Center, Room 209
    5031 University Way NE
  - **Miyerkules, En. 29, 6-8 p.m.**
    Garfield Community Center,
    Multi-purpose Room
    2323 E Cherry St
  - **Huwebes, En. 30, 6-8 p.m.**
    Youngstown Cultural Arts Center,
    Movement Studio
    4408 Delridge Way SW
  - **Sabado, Peb. 1, 12-2 p.m.**
    Van Asselt Community Center,
    Multi-purpose Room
    2920 S Myrtle St
  - **Martes, Peb. 4, 6-8 p.m.**
    Pinehurst K-8 School, Lunchroom
    11530 12th Ave NE
  - **Miyerkules, Peb. 5, 6-8 p.m.**
    Nordic Heritage Museum,
    Auditorium
    3014 NW 67th St
  - **Huwebes, Peb. 6, 6-8 p.m.**
    Seattle City Hall, Bertha
    Knight Landes Reception Room
    600 Fourth Avenue

Maghanap ng impormasyon sa ating website tungkol sa mga pulong ng CAC na bukas sa publiko

## Anong mga katangian ang kailangan ng Hepe ng Pulisya upang mabisang mapaglingkuran ang Seattle?

Bumuo ang Tanggapan ng Mayor ng paunang listahan ng mga katangian at kakayahan na kakailanganin ng Hepe ng Pulisya upang maging matagumpay sa posisyong ito. Nakalista ang mahahalagang katangian sa kanan at nang mas detalyado sa www.seattle.gov/spdchiefsearch.

### Sabihin sa amin ang iyong palagay:

- Tama ba ang aming listahan ng mga katangian upang tasahin ang mga kandidato?
- Ano ang tatlong pangunahing katangiang dapat nating hanapin sa isang Hepe ng Pulisya?
- Ano ang mga pangunahing isyung gusto mong tiyaking isasaalang-alang namin?
- Ano ang sasabihin mo sa bagong Hepe ng Pulisya?

| Paksa | Mga kakayahan at katangian |
|---|---|
| Integridad (Matatag na pagkatao) | **Etikal**<br>• Ipinapatupad ang mga prinsipyo ng SPD at hindi pinapahintulutan ang masamang asal o diskriminasyon ng pulisya<br>• Nakatuon sa katarungang panlipunan at pag-unawa sa ibang kultura<br>**Huwaran**<br>• Matatag na etika sa trabaho, may kumpiyansa at malalapitan<br>• Nagtatakda at nagpapatupad ng mga pamantayan sa pagtatrabaho |
| Madis-karteng pamumuno | **Nakikipagtulungan**<br>• Bukas sa mga bagong ideya<br>• Mahusay pareho sa sistema ng katarungang pangkrimen at mga komunidad<br>• Binabawasan ang hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng pagtutulungan<br>**Nagsusulong ng positibo at tapat na kultura**<br>• Bumubuo ng mga kapaligiran kung saan may pagkakataong magtagumpay ang mga pulis<br>• Pinapanagot ang mga indibidwal at organisasyon<br>**Pinapagtibay ang mga samahan sa komunidad**<br>• Bumubuo ng mga samahan sa komunidad at aktibong nakikisama sa mga komunidad<br>• Ipinapatupad ang pagbabantay sa komunidad |
| Pamamahala | **Pinapangunahan ang mga pagsusumikap upang pahusayin ang kagawaran ng pulisya**<br>• Ipinapatupad ang pinakamaiinam na kasanayan<br>• Pinapaganda ang relasyon ng iba't ibang kultura sa loob ng kagawaran<br>• Hinihikayat ang pagkukusa sa pangangalap at pagsasanay<br>**Mahusay na pinapamahalaan ang mga pinansyal na mapagkukunan at kagamitan ng kawani**<br>• Nagtatakda ng mga naaangkop badyet at nagtatalaga ng mga tungkulin |
| Mga kakayahang interpersonal at pangkomuni-kasyon | **Nakikisalamuha sa mga taong iba't iba ang kultura sa paraang positibo at produktibo**<br>• Isinasama ang minoryang komunidad at iba pang komunidad na walang karapatang pangmamamayan sa pamamagitan ng bukas at tapat na pag-uusap. Nakikita at nakikisalamuha sa mga komunidad na ito.<br>• Maganda ang relasyon sa mga nahalal na opisyal upang magsulong sa ngalan ng SPD<br>• Nakikinig at mahusay na nakikipag-ugnayan |
| Karanasan sa pamamahala sa pagtatra-baho | **Madiskarte at mahusay na pinapamahalaan ang pagtatrabaho**<br>• Sumusunod sa mga kasunduan sa pagtatrabaho at nilulutas ang mga isyu ng empleyado sa paraang patas at hindi nagbabago |
| Kadalub-hasaan sa pagpupulis | **Nilalayong maagap na bawasan ang krimen at pabutihin ang kaligtasan ng publiko**<br>• Nakikipagtulungan sa panrehiyong alagad ng batas at sistema ng katarungan upang magpatupad ng mga programa sa pagbabawas ng krimen<br>**Maalam sa mahahalagang isyu**<br>• Alam ang mga kalakaran at pananaliksik na nakakaapekto sa pagpupulis at kaligtasan ng publiko<br>• Nauunawaan ang mga pananaw ng iba't ibang komunidad na nauugnay sa pagpupulis<br>**Hinihikayat ang matataas na pamantayan sa SPD**<br>• Isinusulong ang tungkulin ng pulisya sa komunidad<br>• Tumatanggap ng mga feedback at pananagutan<br>• Hinihikayat ang mga pulis na pakitunguhan ang iba nang may kagandahang-asal at paggalang |



## Makipag-ugnayan sa Amin

Dapat idirekta ang anumang mga tanong o komentong nauugnay sa paghahanap para sa bagong Hepe ng Pulisya ng Seattle sa chiefsearchinfo@seattle.gov.

**www.seattle.gov/spdchiefsearch**

Upang matanggap ang dokumentong ito sa isang format na naisasalin, mangyaring makipag-ugnayan sa chiefsearchinfo@seattle.gov.

*Impormasyon tungkol sa Americans with Disabilities Act (ADA): Maaaring ibigay ang impormasyon sa mga alternatibong format: malaking print, Braille, cassette tape, o sa computer disk para sa mga taong may mga kapansanan sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnayan sa chiefsearchinfo@seattle.gov o 206-684-7991. Maaaring humiling ng mga alternatibong format ang mga taong bingi o hirap makarinig sa pamamagitan ng Washington Relay Service sa 7-1-1.*